

*Kasama sa publikasyong ito ang mga impormasyon mula Nobyembre 10, 2020.  
Mangyaring subaybayan din ang [nyc.gov/workers](https://nyc.gov/workers).*

## **Pagbabalik sa Trabaho sa Panahon ng COVID-19: Mahalagang Impormasyon para sa Mga Manggagawang Pantahanan (Domestic Worker) at Kanilang Mga Employer**

Naiiba ang trabahong pantahanan: ang lugar ng trabaho ay pribadong tahanan. Kabilang sa mga trabahong pantahanan ang mga tagapag-alaga (nanny), tagalinis ng bahay, kasambahay, manggagawa sa pangangalagang pantahanan, at manggagawa sa pangangalaga ng bata sa tahanan.<sup>1</sup> Layunin ng publikasyong ito na magbigay ng impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan para sa mga manggagawang pantahanan at kanilang mga employer sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Kabilang sa mga seksyon ang:

- I. Mga Inirerekomendang Pinakamabuting Gawi para sa Mga Manggagawang Pantahanan
- II. Listahan ng Mga Gagawin at Mapagkukunan para sa Mga Employer
- III. Iba Pang Mapagkukunan para sa Mga Manggagawang Pantahanan

Ang mga patnubay sa kalusugan at kaligtasan ng Estado ng New York, na sinasaklaw ang negosyo at trabahong pantahanan, ay makikita sa [forward.ny.gov](https://forward.ny.gov).

Pinakamakatatulong ay ang mabuting komunikasyon na may kasamang pagtutulongan sa parehong mga manggagawa at employer na manatiling ligtas at mapababa ang mga panganib ng pagkalat ng sakit sa pagkakaayos ng pribadong sambahayan.

### **TANDAAN ANG 4 NA PANGUNAHING AKSIYON PARA PIGILAN ANG PAGKALAT NG COVID-19:**

1. **Manatili sa bahay kung may sakit:** Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit maliban kung aalis para sa esensiyal na medikal na pangangalaga (kabilang ang [pag-test](#)) o iba pang mahahalagang lakad.
2. **Pisikal na pagdistansiya:** Panatilihin ang hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa ibang tao.
3. **Magsuot ng pantakip sa mukha:** Protektahan ang mga nasa paligid mo. Maaari kang makahawa kahit wala kang mga sintomas at maaari mong maikalat ang sakit kapag umuubo, bumabahing, o nagsasalita ka. Maaaring makatulong ang pantakip sa mukha na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19.
4. **Ugaliin ang gawaing pangkalinisan ng kamay:** Madalas na maghugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer kung walang magagamit na sabon at tubig; regular na linisin ang mga madalas na hawakang ibabaw o gamit; iwasang hawakan ang iyong mukha gamit ang hindi nahugasang kamay; at takpan ang iyong ubo o bahing gamit ang iyong manggas, hindi ang iyong kamay.

Basahin ang [Ano ang Dapat Malaman Ngayon ng Mga Taga-New York Tungkol sa COVID-19 \(What New Yorkers Need to Know Now About COVID-19\)](#), na makikita sa Website ng Departamento ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng Lungsod ng New York sa [nyc.gov/health](https://nyc.gov/health). I-click ang COVID.

<sup>1</sup> Binubuo ang trabahong pantahanan ng maraming uri ng trabaho. Dating inilabas ng Departamento ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng Lungsod ng New York (NYC Department of Health and Mental Hygiene) ang [Patnubay sa COVID-19 para sa Mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Tahanan at Mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Komunidad \(COVID-19 Guidance for Home Health Care Workers and Community Health Care Workers\)](#) (kabilang ang mga tagatulong sa mga maysakit at nakatatanda) na makikita sa [nyc.gov/health](https://nyc.gov/health). I-click ang COVID.

# I. Mga Inirerekomendang Pinakamabuting Gawi para sa Mga Manggagawang Pantahanan

1. Magtalakay at bumuo ng isang Plano sa Kaligtasan kasama ang iyong employer at sundin ang plano.
2. Maghanda para sa posibleng pagkakalantad sa COVID-19.
3. Alamin ang iyong mga karapatan tungkol sa binabayaranang paglihan at/o protektadong pahinga mula sa trabaho kung nalantad ka.
4. Regular at bukas na makipag-usap sa iyong employer tungkol sa mga isyu sa kalusugan at kaligtasan, kabilang ang pagiging epektibo ng Plano sa Kaligtasan para tugunan ang mga isyu.

## Pinakamabuting Gawi #1: Magtalakay at bumuo ng isang Plano sa Kaligtasan kasama ang iyong employer at sundin ang plano.

Makipag-usap sa iyong employer tungkol sa kung ano ang pareho ninyong gagawin bilang proteksiyon laban sa COVID-19, at isulat ang mga napagkasunduang hangarin at gawi. Makatutulong sa iyo at iyong employer ang Plano sa Kaligtasan na bubuuin ninyo dahil maaaring mayroon kayong mga nakakatanda o mga taong may mga medikal na kondisyon na mas mataas ang panganib na magkaroon ng malubhang sakit na COVID-19,<sup>2</sup> mga taong bumibiyahe papunta sa mga trabaho, at iba pang posibleng alalahanin sa inyong mga tahanan.

Sa pinakamababa, dapat tugunan ng Plano sa Kaligtasan ang:

<p><b>Screening ng Kalusugan</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Tukuyin kung sino ang magsasagawa ng mga screening ng kalusugan, sino ang dapat magpasuri para sa COVID-19<sup>3</sup> at kailan, at paano mo susubaybayan ang impormasyon.</li> <li>• Dapat gawin ang mga screening sa simula ng bawat araw ng trabaho. Ikaw, ang iyong employer, at ang miyembro ng sambahayan ng iyong employer ay dapat magsagawa ng mga screening ng kalusugan.</li> </ul> <p><i>Tandaan na hindi lahat ng may COVID-19 ay makikitaan ng mga sintomas, kaya mahalagang magtanong hindi lamang tungkol sa mga nakikitang sintomas tulad ng lagnat o ubo ngunit tungkol din sa posibilidad ng pakikisalamuha sa taong nasuring positibo sa COVID-19 at/o kamakailang bumalik mula sa estado o bansa sa listahan ng quarantine ng Estado ng New York.<sup>4</sup></i></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Makikita ang isang <a href="#">Sample na Tool sa Screening sa COVID-19</a> sa <a href="#">nyc.gov/health</a>. I-click ang COVID.</li> </ul>
<p><b>Pamprotektang Kagamitan</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Dapat magbigay ang iyong employer ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE)—halimbawa, mga face mask—nang walang bayad at may sapat na supply para hindi ka nagtatrabaho sa tahanan nang walang sapat na PPE.</li> <li>• Tukuyin ang lahat ng kinakailangang PPE kabilang ang kung sino ang dapat magsuot ng PPE at kailan, at kung dapat bang magpalit ng mga damit o magsuot ng ibang panlabas na patong ng kasuotan ang sinumang pumapasok sa tahanan.</li> <li>• Siguraduhin na nagsusuot ang sinuman sa tahanan ng mga pantakip sa mukha hangga't maaari, at lalo na kung hindi maaaring makapagpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa iba.<sup>5</sup></li> </ul>
<p><b>Gawaing Pangkalusugan, Kalinisan, At Pagdisimpekta</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Magtakda ng mga protokol sa paglilinis, kabilang ang kung gaano kadalas lilinisin ang mga madalas na pinupuntahan o ginagamit na bahagi ng tahanan—halimbawa, ang kusina, banyo—at mga madalas na hawakang ibabaw o gamit tulad ng doorknob, hawakan ng gripo, handrail, at countertop.</li> </ul>
<p><b>Pisikal na Pagdistansiya</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Itakda kung sino ang dapat manatiling may pisikal na distansiya sa bahay, anumang paghihigpit sa mga taong pumapasok sa bahay na hindi mga miyembro ng sambahayan, at mga paraan kung paano mapapanatiling magkakahiwalay ang mga tao at may ligtas ng distansiya sa loob ng tahanan.</li> <li>• Magplano ng mga ligtas na aktibidad para sa mga bata, tulad ng mas maraming oras sa labas, at tukuyin kung kailan dapat magsuot ang mga bata ng mga pantakip sa mukha, kanino sila maaaring pisikal na makisalamuha, at saan maaaring makisalamuha.</li> </ul>

<sup>2</sup> Para sa higit pang impormasyon tungkol sa [COVID-19 at mga taong may mahinang immune system \(COVID-19 and immunocompromised people\)](#), pumunta sa [nyc.gov/health](#). I-click ang COVID, at pagkatapos ay ang "Pag-iwas at Mga Grupong nasa Mas Mataas na Panganib (Prevention and Groups at Higher Risk).

<sup>3</sup> Available ang impormasyon tungkol sa libreng pagpapasuri para sa COVID-19 sa [nyc.gov/covidtest](#)

<sup>4</sup> Makikita ang Paunawa sa Paglalakbay sa COVID-19 ng Estado ng New York (New York State COVID-19 Travel Advisory), kabilang ang listahan ng mga nililimitahang estado, sa <https://coronavirus.health.ny.gov/covid-19-travel-advisory>

<sup>5</sup> Basahin ang [Mga Pantakip sa Mukha para sa COVID-19 \(COVID-19 Face Coverings\): Mga Madalas Itanong](#) sa [nyc.gov/health](#). I-click ang COVID.

## Mga Tip at Mapagkukunan

### Mga Tip:

- Maaaring higit pa sa pantakip sa mukha ang kabilang sa PPE. *Halimbawa, kung hiniling sa iyo ng iyong employer na magpalit ng malinis na pang-ibabaw na kasuotan at magsuot ng latex na guwantes kapag pumapasok ka sa bahay araw-araw, dapat magbigay ang iyong employer sa iyo ng mga pantakip sa mukha nang walang bayad at dapat magbigay ng mga karagdagang item ng PPE nang walang bayad.*
- Maaari ninyong pag-usapan ng iyong employer ang iyong pagbiyahe para mabawasan ang iyong pagkakalantad sa pampublikong transportasyon o mga lugar na maraming tao. *Halimbawa, maaaring gusto ng iyong employer na gumamit ka ng mga pribadong sasakyan / serbisyo ng ride sharing para sa iyong pagbiyahe, kung saan dapat ninyong pag-usapan ang mga kasunduan at/o pagbabayad sa paglalakbay kung ikaw ang nagbabayad para sa mga pagsakay.*<sup>6</sup>
- *Kung bahagi ng iyong trabaho ang paglilinis:*
  - Kung maaari, linisin ang tahanan kung wala roon ang iyong employer para mabawasan ang pagkakalantad ng lahat.
  - Sundin ang mga patnubay sa kaligtasan mula sa pederal na Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration).<sup>7</sup>

### Mga Mapagkukunan:

Nag-aalok ang mga sumusunod na organisasyon ng mga template ng Plano sa Kaligtasan:

#### **National Domestic Workers Alliance (NDWA):**

<https://membership.domesticworkers.org/coronavirus/work-safely/return-to-work-safely/>

#### **Hand in Hand:**

<https://domesticemployers.org/support-during-the-coronavirus-pandemic/>

#### **Departamento ng Kalusugan ng Estado ng New York (New York State Department of Health):**

[https://www.governor.ny.gov/sites/governor.ny.gov/files/atoms/files/NYS\\_BusinessReopeningSafetyPlanTemplate.pdf](https://www.governor.ny.gov/sites/governor.ny.gov/files/atoms/files/NYS_BusinessReopeningSafetyPlanTemplate.pdf)

(Ingles)

<https://www.governor.ny.gov/sites/governor.ny.gov/files/atoms/files/NYSBusinessReopeningSafetyPlanTemplateSpanish.pdf>

(Espanyol)

## Pinakamabuting Gawi #2: Maghanda para sa posibleng pagkakalantad sa COVID-19.

Regular na makipag-usap sa iyong employer tungkol sa kung paano pangasiwaan ang pagkakabukod o quarantine kung:

- Ikaw o ang isang tao sa sambahayan ay nasuri na positibo sa COVID-19 o may mga sintomas ng COVID-19.
- Ikaw o ang isang tao sa sambahayan ng iyong employer ay may nakasalamuhang isang taong nasuri na positibo sa COVID-19 o kamakailang bumalik mula sa estado o bansa na may mga tumaas na bilang ng kaso ng COVID-19.

*Siguraduhing mayroon kang plano ng aksiyon bago magkaroon ng aktuwal na pagkakalantad at talakayin kasama ang iyong employer ang iyong mga opsyon sa pagliban (binabayaran o hindi binabayaran).*

### **Mahalaga: Ilegal ang Diskriminasyon at Paghihiganti.**

Hindi ka maaaring tanggalin sa trabaho, pauwiin sa bahay, o sabihang hindi pumunta sa trabaho ng iyong employer batay sa iyong lahi, bansang pinagmulan, o kapansanan. Ipinagbabawal sa batas ang mapandiskriminang gawi na tanggalin sa trabaho ang isang empleyado o pigilang magtrabaho ang empleyado batay sa palagay na posibleng nalantad sa coronavirus dahil sa lahi, bansang pinagmulan, o kapansanan ng empleyado. Tingnan ang III. Iba Pang Mapagkukunan para sa Mga Manggagawang Pantahanan para sa mga link sa mga ahensiya ng mga karapatang pantao ng Estado ng New York at Lungsod ng New York.

Kung nalantad ang isang tao sa sambahayan ng iyong employer, ang iyong employer ay dapat:

- ipaalam ito sa iyo gamit ang mapagkakatiwalaang impormasyon sa pakikipag-ugnayan;
- mag-abiso kung gaano katagal na kailangang ibukod o mag-quarantine ng apektadong tao;
- mag-abiso kung gaano katagal ang maaari mong asahan na hindi muna pumunta sa trabaho; at
- mag-abiso kung paano ka babayaran—halimbawa, ng hindi buong suweldo—sa panahong hindi ka muna pupunta sa trabaho.

<sup>6</sup> Basahin ang [Ligtas na Pagbiyahe sa Panahon ng Emergency sa Pampublikong Kalusugan dahil sa COVID-19 \(Commuting Safely During the COVID-19 Public Health Emergency\)](#) na makikita sa [nyc.gov/health](http://nyc.gov/health). I-click ang COVID.

<sup>7</sup> [Ang Mga Karapatan ng Manggagawa sa ilalim ng OSHA \(Worker Rights under OSHA\)](#) (Ingles) at [Mga Karapatan ng Mga Manggagawa sa ilalim ng OSHA \(Worker Rights under OSHA\)](#) (Espanyol) ay makikita sa [osha.gov](http://osha.gov)

Kung *ikaw* ay nalantad:

- ipaalam sa iyong employer;
- gamitin ang iyong pagliban dahil sa sakit (sick leave) para magpasuri o makatanggap ng pangangalaga.

#### **PROGRAMA NG HOTEL SA COVID-19**

Kung isa kang tagapag-alaga na nakatira sa tahanan ng employer, maaaring kwalipikado kang ibukod sa hotel nang walang bayad kung ikaw o ang isang tao sa sambahayan ng iyong employer ay mayroon o nalantad sa COVID-19.

Para sa higit pang impormasyon:

- Bisitahin ang [nyc.gov/covid19hotel](https://nyc.gov/covid19hotel)
- Tumawag sa 844-NYC-4NYC (844-692-4692) sa pagitan ng 9 a.m. at 9 p.m. Upang may makausap tungkol sa programa ng hotel, pintudin ang 0, at pagkatapos ay pindutin ang 1.

#### **PAGSUSURI AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA COVID-19**

Ang **NYC Health + Hospitals** ay nagkakaloob ng pagsusuri at pangangalagang pangkalusugan anuman ang katayuan ng imigrasyon o kakayahang magbayad.

Kung nasuri na positibo ka sa COVID-19, makatanggap ka ng mga tagubilin sa mga susunod na hakbang, kabilang ang pagbubukod, mula sa **NYC Test + Trace Corps**. Para sa higit pang impormasyon:

- Bisitahin ang <https://www.nychealthandhospitals.org/test-and-trace/resources/> or
- Tumawag sa (844) 692-4692.

### **Pinakamabuting Gawi #3: Alamin ang iyong mga karapatan tungkol sa binabayarang pagliban at/o protektadong pahinga mula sa trabaho kung nalantad ka.**

Bilang manggagawang pantahanan, maaaring kwalipikado kang gumamit ng binabayarang pagliban dahil sa sakit sa ilalim ng mga batas ng Lungsod, estado, o pederal na batas:

- Batas sa Binabayarang Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit ng Lungsod ng New York (New York City Paid Safe and Sick Leave Law)
- Pang-emergency na Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19 ng Estado ng New York (New York State Emergency COVID-19 Paid Sick Leave)
- Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19 (COVID-19 Paid Sick Leave) ng Pederal na Batas na Una ang Mga Pamilya sa Tugon sa Coronavirus (Federal Families First Coronavirus Response Act, FFCRA)

Tingnan ang susunod na pahina para sa pangkalahatang-ideya ng mga batas ng Lungsod, estado, at pederal na batas sa binabayarang pagliban dahil sa sakit na may kinalaman sa COVID-19.

Para sa higit pang impormasyon o para maghain ng reklamo tungkol sa binabayarang pagliban dahil sa sakit, tawagan ang Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) sa (212) 436-0380.

*Tandaan: Maaari ka ring makipagkasundo sa iyong employer para sa higit na pahinga sa trabaho, binabayaran man o hindi.*

### **Pinakamabuting Gawi #4: Regular at bukas na makipag-usap sa iyong employer tungkol sa mga isyu sa kalusugan at kaligtasan, kabilang ang pagiging epektibo ng Plano sa Kaligtasan para tugunan ang mga isyu.**

Binago ng pandemya ng COVID-19 kung paano ginagawa ng mga tao ang kanilang trabaho. Ang iyong mga kondisyon sa trabaho, kabilang ang mga bagong kondisyong nakalagay sa Plano sa Kaligtasan, ay mangangailangan ng pagsasaayos. Ginagawa nitong mahalaga ang madalas at tapat na komunikasyon sa iyong employer. Pagtuonan ang sama-samang pagtutulungan para matiyak ang kaligtasan at kapanatagan ng isip ng lahat, at magkaroon ng mga regular na pangangamusta para mapag-usapan ninyo ang anumang kinakailangang pagbabago o nagsisimulang problema. Dapat kabilang sa isang kasunduan sa trabaho ang mga karapatang nakasaad sa [Katipunan ng Mga Karapatan ng Mga Manggagawang Pantahanan \(Domestic Workers' Bill of Rights\)](#).

Kung wala ka pang isang kasunduan sa trabaho, ang isang magandang paraan para magsimula ng pag-uusap sa iyong employer ay sa pamamagitan ng pagtutulungan sa isang nakasulat na kasunduan na naglalaman ng iyong mga tungkulin at iyong mga karapatan sa trabaho.

Maaari kang makakita ng [template](#) sa website ng Hand in Hand na [domesticemployers.org](https://domesticemployers.org).

Batas	Mga Katanggap-tanggap na Dahilan ng Paggamit: Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit	Bilang ng Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit at Halaga ng Bayad
Batas sa Binabayarang Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit (Paid Safe and Sick Leave Law) ng Lungsod ng New York <sup>8</sup>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsusuri ng karamdaman, pangangalaga, o paggamot ng karamdaman, pinsala, o kondisyon sa kalusugan o para sa pang-iwas sa sakit na medikal na pangangalaga para sa iyo o para sa isang miyembro ng pamilya</li> <li>Kapag isinara ng isang pampublikong opisyal ang paaralan ng iyong anak o provider ng pangangalaga sa bata dahil sa emergency sa pampublikong kalusugan</li> </ul> <p><i>Ang batas ng lungsod ang pinakamalawak sa tatlong batas sa binabayarang pagliban dahil sa sakit.</i></p>	<p>Simula noong Setyembre 30, 2020:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Makakaipon ka ng binabayarang pagliban dahil sa sakit sa pinakamababang halaga na 1 oras para sa bawat 30 oras ng pagtatrabaho.</li> <li>Maaari mong gamitin ang binabayarang pagliban dahil sa sakit habang naiipon no ito, hanggang sa pinakamataas na 40 oras bawat taon ng kalendaryo.* Binabayaran ka ng iyong regular na halaga kada oras ngunit hindi bababa sa kasalukuyang pinakamababang pasahod.</li> </ul> <p><i>* Simula Enero 1, 2021, kung ang iyong employer ay may 100 o higit pang empleyado, maaari kang makaipon ng hanggang 56 na oras na binabayarang pagliban dahil sa sakit bawat taon ng kalendaryo.</i></p>
Pang-emergency na Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19 ng Estado ng New York (New York State Emergency COVID-19 Paid Sick Leave) <sup>9</sup>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Quarantine o pagbubukod na iniutos ng pamahalaan (inaatas o paunang pag-iingat na kautusan sa pagbubukod)<sup>10</sup></li> </ul> <p><i>Hindi sakop ng batas ng estado ang pagliban para mag-alaga ng mga miyembro ng pamilya na napapailalim sa quarantine o pagbubukod na ipinag-uutos ng pamahalaan.</i></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaari mong gamitin ang hindi binabayarang pagliban dahil sa sakit para sa panahon ng quarantine o pagbubukod; maaaring kwalipikado ka rin sa mga benepisyo ng Binabayarang Pagliban Dahil sa Pamilya o kapansanan sa pamamagitan ng patakaran ng iyong empleyado.</li> <li>Mayroon kang proteksiyon sa trabaho sa panahon ng quarantine.</li> </ul> <p><i>Nakadepende ang Bilang at Halaga sa laki at/o kita ng employer. Ipinagpapalagay ng impormasyon sa itaas na ang bilang ng mga empleyado ay 10 o mas mababa.</i></p>
Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19 (COVID-19 Paid Sick Leave) ng Pederal na Batas na Una ang Mga Pamilya sa Tugon sa Coronavirus (Federal Families First Coronavirus Response Act, FFCRA) <sup>11</sup>  <i>Tandaan: Maaaring hindi kasama sa saklaw ang ilang maliliit na employer.  (epektibo Abril 2, 2020 - Disyembre 31, 2020)</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Inaatas na quarantine o pagbubukod</li> <li>Sariling pag-quarantine na inirerekomenda ng doktor</li> <li>Medikal na diyagnosis dahil sa mga sintomas ng COVID-19</li> </ul> <ul style="list-style-type: none"> <li>Pangangalaga sa miyembro ng pamilya na sumasailalim sa inaatas o inirerekomenda ng doktor na quarantine</li> <li>Pangangalaga sa anak dahil sa pagsasara ng paaralan o pasilidad ng pangangalaga ng bata, kabilang ang mga araw kung kailan sarado ang paaralan ng anak para sa malayuang pag-aaral, o dahil hindi available ang tagapagkaloob ng pangangalaga ng bata dahil sa COVID-19</li> <li>Anumang iba pang lubhang katulad na kondisyon ayon sa tinutukoy ng mga kaugnay na pederal na ahensiya</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaari kang gumamit ng hanggang dalawang linggong (80 oras) pagliban. Babayaran ka ng iyong regular na halaga ng sahod na hanggang \$511 bawat araw at \$5,110 sa kabuuan.</li> <li>Maaari kang gumamit ng hanggang dalawang linggong (80 oras) pagliban. Babayaran ka ng 2/3 ng regular na halaga ng sahod na hanggang \$200 bawat araw at \$2,000 sa kabuuan. Sa sitwasyong mag-aalaga ng anak (tingnan ang punto 2, sa mismong kaliwa), kwalipikado ka para sa hanggang karagdagang 10 linggong pagliban na may 2/3 na halaga ng sahod.</li> </ul> <p><i>Nakadepende ang bilang ng leave kung full-time o part-time ang status. Ipinagpapalagay ng impormasyon sa itaas ang full-time na status.</i></p>

<sup>8</sup> Ang mga pagbabago sa Batas sa Binabayarang Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit ng NYC na nagpapahintulot sa mga manggagawang pantahanan na makaipon at gumamit ng hanggang 40 oras ng binabayarang pagliban dahil sa sakit (o hanggang 56 na oras sa ilang sitwasyon) ay nagkaroon ng bisa noong Setyembre 30, 2020. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [nyc.gov/workers](https://nyc.gov/workers)

<sup>9</sup> Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pang-emergency na Binabayarang Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19 ng Estado ng New York, bisitahin ang [ny.gov/COVIDpaysickleave](https://ny.gov/COVIDpaysickleave). Maaari kang makakuha ng mga dokumento ng impormasyon (fact sheet) para sa mga empleyado sa iba't ibang wika, kabilang ang [Ingles](#) at [Espanyol](#).

<sup>10</sup> Para sa dokumentasyon ng binabayarang pagliban dahil sa sakit ng COVID-19 para sa iyong employer (inaatas na kautusan sa pagbubukod o quarantine), tawagan (855) 491-2667.

<sup>11</sup> Para sa higit pang impormasyon tungkol sa FFCRA, bisitahin ang [dol.gov/agencies/whd/pandemic](https://dol.gov/agencies/whd/pandemic). Maaari kang makakuha ng mga dokumento ng impormasyon (fact sheet) para sa mga empleyado sa [Ingles](#) at [Espanyol](#).

## II. Listahan ng Mga Gagawin at Mapagkukunan para sa Mga Employer

Listahan ng Mga Gagawin para sa Malusog at Ligtas na Lugar ng Trabaho sa Tahanan		
Bilang employer ng manggagawang pantahanan, ikaw ba ay:		
<b>Komunikasyon</b>		
1	Nakalikha ng pangkalahatang damdamin ng bukas at magalang na komunikasyon?	<input type="checkbox"/> Oo
2	Nakipagtulungan sa manggagawa sa Plano sa Kaligtasan?	<input type="checkbox"/> Oo
3	Nag-iskedyul ng mga regular na pangangamusta para pag-usapan ang tungkol sa mga kondisyon sa trabaho?	<input type="checkbox"/> Oo
4	Nag-update ng anumang nakasulat na kasunduan kasama ang manggagawa para maisama ang mga pagbabagong dulot ng COVID-19?	<input type="checkbox"/> Oo
5	Tinalakay ang mga paunang pag-iingat na gagawin ninyong pareho ng manggagawa para mabawasan ang posibilidad ng pagkalat ng sakit sa mga oras at sa labas ng oras ng pagtatrabaho?	<input type="checkbox"/> Oo
6	Bumuo ng isang plano ng aksiyon kasama ang manggagawa kung ikaw, ang isang tao sa iyong sambahayan, o ang manggagawa ay malantad sa COVID-19?	<input type="checkbox"/> Oo
7	Nakatuon sa pagbibigay ng mga makatwirang akomodasyon kung hihilingin ng manggagawa na isaayos ang mga kondisyon sa pagtatrabaho dahil sa COVID-19; halimbawa, pagpapahinga sa pagsusuot ng pantakip sa mukha o salit-salitang iskedyul na nasa tahanan para hindi makasabay ang iba pang manggagawa sa sambahayan?	<input type="checkbox"/> Oo
<b>Mga Batas sa Binabayaranang Pagliban Dahil sa Sakit</b>		
8	Binigyang kaalaman ang iyong sarili tungkol sa mga uri ng pagliban dahil sa sakit na maaaring kailangang ibigay sa manggagawa? <sup>12</sup>	<input type="checkbox"/> Oo
<b>Pamprotektang Kagamitan</b>		
9	Bumili ng karagdagang PPE para sa manggagawa, kabilang ang mga pantakip sa mukha at iba pang kinakailangan o hinihiling na PPE?	<input type="checkbox"/> Oo
10	Nagbigay ng malinaw na patnubay at pagsasanay sa manggagawa sa anumang kinakailangang hakbang sa kaligtasan?	<input type="checkbox"/> Oo
<b>Pisikal na Pagdistansiya</b>		
11	Nag-atas sa mga miyembro ng sambahayan na pisikal na dumistansiya, kung maaari, kapag nasa tahanan ang manggagawa?	<input type="checkbox"/> Oo
12	Gumawa ng mga plano para limitahan ang mga bisitang pumapasok sa tahanan?	<input type="checkbox"/> Oo
<b>Gawaing Pangkalusugan, Kalinisan, at Pagdisimpekta</b>		
13	Nagpatupad ng mga plano para gawing malusog, ligtas, at malinis ang sambahayan hangga't maaari?	<input type="checkbox"/> Oo
14	Naghanda ng mga dagdag na supply para sa paglilinis para madalas na madisimpekta ang mga ibabaw at gamit na madalas hawakan?	<input type="checkbox"/> Oo

### Mga Mapagkukunan:

- **National Domestic Workers Alliance:** Bisitahin ang [domesticworkers.org](http://domesticworkers.org) para sa impormasyon tungkol sa mga karapatan at mapagkukunan ng manggagawang pantahanan.
- **Hand in Hand: The Domestic Employers Network.** Bisitahin ang [domesticemployers.org](http://domesticemployers.org) para sa impormasyon tungkol sa mga gawi sa trabaho at mga tip para makalikha ng epektibo at malusog na kapaligiran ng trabaho sa tahanan.
- **Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa ng Lungsod ng New York (NYC Department of Consumer and Worker Protection, DCWP):** Bisitahin ang [nyc.gov/workers](http://nyc.gov/workers) para sa *Update tungkol sa Mga Batas sa Lugar ng Trabaho sa Panahon ng COVID-19*.
- **NYC Small Business Services (SBS):** Bisitahin ang [nyc.gov/sbs](http://nyc.gov/sbs) para sa *NYC Means Business* (impormasyon sa muling pagbubukas).
- **Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA):** Bisitahin ang [osha.gov](http://osha.gov) para sa *Patnubay sa Paghahanda ng Mga Lugar sa Trabaho para sa COVID-19*.
- **Departamento ng Paggawa ng Estado ng New York (New York State Department of Labor, NYSDOL):** Bisitahin ang [labor.ny.gov](http://labor.ny.gov) para sa *Mga Impormasyon para sa Mga Employer (Facts for Employers)* ng Mga Manggagawang Pantahanan at *Katpunan ng Mga Karapatan ng Mga Manggagawang Pantahanan*.

<sup>12</sup> Basahin ang *Update tungkol sa Mga Batas sa Lugar ng Trabaho sa Panahon ng COVID-19 (Update about Workplace Laws During COVID-19)* na makikita sa [nyc.gov/workers](http://nyc.gov/workers). Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa binabayaranang pagliban dahil sa sakit na available sa ilalim ng lokal, pang-estado, at pederal na batas.

### III. Iba Pang Mapagkukunan para sa Mga Manggagawang Pantahanan

- **Departamento ng Paggawa ng Estado ng New York (New York State Department of Labor, NYSDOL):** Bisitahin ang [labor.ny.gov](http://labor.ny.gov) para sa impormasyon o para maghain ng reklamo tungkol sa mga sahod, bayad, o hindi angkop na mga paunang pag-iingat sa kalusugan at kaligtasan.
- **Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa ng Lungsod ng New York (NYC Department of Consumer and Worker Protection, DCWP):**
  - Tawagan ang Tanggapan ng Patakaran at Mga Pamantayan sa Paggawa (OLPS) ng DCWP sa (212) 436-0380 o bisitahin ang [nyc.gov/workers](http://nyc.gov/workers) para sa impormasyon o para maghain ng reklamo tungkol sa binabayarang pagliban dahil sa kaligtasan at sakit sa Lungsod ng New York.
  - Tawagan ang Tagataguyod ng Binabayarang Pangangalaga (Paid Care Advocate) ng OLPS sa (646) 330-8886 para sa iyong mga karapatan bilang manggagawang pantahanan at para sa mga referral sa mga organisasyon na nagbibigay ng mga libreng serbisyo legal.
- **Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Lungsod ng New York (NYC Commission on Human Rights):** Tumawag sa (212) 306-7450 o bisitahin ang [nyc.gov/humanrights](http://nyc.gov/humanrights) para sa iyong mga karapatan tungkol sa diskriminasyon at makatwirang akomodasyon sa ilalim ng batas ng Lungsod.
- **Sangay ng Mga Karapatang Pantao ng Estado ng New York (New York State Division of Human Rights):** Tumawag sa (888) 392-3644 o bisitahin ang [dhr.ny.gov](http://dhr.ny.gov) para sa iyong mga karapatan tungkol sa diskriminasyon at makatwirang akomodasyon sa ilalim ng batas ng Estado.

#### **Tungkol sa Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa (Department of Consumer and Worker Protection)**

Ang Tanggapan ng Patakaran at Mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa (Department of Consumer and Worker Protection) ang pangunahing mapagkukunan ng Lungsod ng New York para sa mga manggagawa. Pinoprotektahan at itinataguyod ng OLPS ang mga pamantayan at patakaran sa trabaho na lumilikha ng mga makatarungang lugar ng trabaho para matiyak na mauunawaan ng lahat ng mga manggagawa ang kanilang mga karapatan, anuman ang katayuan ng imigrasyon. Nakatuon ang Sangay ng Binabayarang Pangangalaga (Paid Care Division) ng OLPS sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mga manggagawa sa binabayarang pangangalaga, pagpapabuti ng kalidad ng mga trabaho sa binabayarang pangangalaga, at pagpapalakas ng sistema ng binabayarang pangangalaga, kabilang ang sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at edukasyon sa publiko.